6

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 6:
## Pakikibaka ng mga Pilipino sa Panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Baitang 6**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 6: Pakikibaka ng mga Pilipino sa Panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Mitzel M. Alvaran | |
| **Editor:** | Marife E. Cajutol, Jewelyn Q. Cadigal, Blas P. Tabayag, Jr. | |
| **Tagasuri:** | Blas P. Tabayag, Jr., Mary Helen M. Bocol, Junry M. Esparar | |
| **Tagaguhit:** | Krisha Marie T. Paltu-ob, Stephen S. Moedin | |
| **Tagalapat:** | Jewelyn Q. Cadigal | |
| **Tagapamahala:** | Ma. Gemma M. Ledesma | Josilyn S. Solana |
| | Portia M. Mallorca | Peter J. Galimba |
| | Elena P. Gonzaga | Donald T. Genine |
| | Jerry A. Oquendo | Junry M. Esparar |
| | Mary Helen M. Bocol | Blas P. Tabayag, Jr. |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 6:
## Pakikibaka ng mga Pilipino sa Panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan Baitang 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pakikibaka ng mga Pilipino sa Panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan Baitang 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pakikibaka ng mga Pilipino sa Panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay Gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa ikauunlad ng iyong kaalaman. Sa pamamagitan ng modyul na ito, higit mong mauunawaan ang hangarin ni Aguinaldo na maging lubos na malaya ang bansa laban sa mga mananakop. Naging hamon sa mga pinunong Pilipino ang pagtatanggol sa bayan.

Nagkaroon na rin ba ng pagkakataong ipinagtanggol mo ang iyong bayan? Ano ang iuyong ginawa? Basahin at pag-aralan ang nilalaman ng modyul na ito at lalo pang palalimin ang pagmamahal mo sa iyong bayan.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong bahagi:

- Aralin 1 – Unang Putok sa panulukan ng Silencio at Sociego, Sta. Mesa
- Aralin 2 – Labanan sa Tirad Pass
- Aralin 3 – Balangiga Massacre

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, maaari mo nang magawa ang sumusunod:

1. masusuri ang mga pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga Amerikano;
2. matutukoy ang mga pangyayaring naganap sa mga makasaysayang lugar tulad ng Kalye Silencio at Sociego sa Sta. Mesa, Pasong Tirad, Ilocos Sur, at Balangiga sa Samar;
3. maipaliliwanag kung paano nagsimula ang Digmaang Pilipino-Amerikano;
4. masusuri ang timeline ng Digmaang Pilipino-Amerikano;
5. maisasalaysay ang naging makasaysayang kaganapan sa Balangiga, Samar;
6. maipaliliwanag ang kinalaman ng Kasunduan sa Paris at katangiang pisikal ng Pilipinas sa pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas;
7. makikilala ang mga pinunong Pilipino na lumaban sa panahon ng digmaan;
8. mahihinuha ang mga kaganapang nagpamalas sa katapangan ng mga pinunong Pilipino na namuno sa labanan tulad nina Heneral Gregorio H. del Pilar at Heneral Antonio Luna.

## Subukin

Panuto: Suriin ng mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang dahilan ng pagtungo ng mga Amerikano sa Pilipinas?
   A. Ang pagkakasangkot ng Estados Unidos sa himagsikan sa Cuba.
   B. Ang pagtatatag ng pamahalaang Amerikano.
   C. Ang pagpapalawak ng teritoryo ng Estados Unidos sa Asya.

2. Bakit tutol ang mga Pilipino sa Kasunduan sa Paris?
   A. Nais nilang magpasakop sa mga Español.
   B. Nais nilang maging malaya.
   C. Nais nilang maging kolonya ng Estados Unidos.

3. Paano tinanggap ng mga Pilipino ang Kasunduan sa Paris?
   A. Ipinaubaya nila sa Estados Unidos ang pagpapasya.
   B. Tinanggap nila ang Kasunduan nang mapayapa.
   C. Mahigpit nilang tinutulan ang kasunduan.

4. Kailan pinasinayaan ang Unang Republika sa Malolos, Bulacan?
   A. Enero 23,1899 C. Enero 25,1899
   B. Enero 24,1899

5. Ano ang unang hudyat ng pagbabago ng pakikitungo ng mga Amerikano sa mga Pilipino?
   A. Ang hindi pagkilala ng Republika ng Estados Unidos.
   B. Ang kawalan ng malasakit ng mga Amerikano sa mga Pilipino.
   C. Ang pagbaril ng isang sundalong Amerikano sa isa sa apat na sundalong Pilipino.

6. Anong pangyayari ang sumira sa relasyon ng Amerikano at Pilipino?
   A. Ang hindi pagsunod ng mga Pilipino sa kautusan ng Amerikano.
   B. Ang pagbaril sa isa sa apat na Pilipinong sundalo.
   C. Ang pagwasak at paglubog ng barkong Maine.

7. Kailan nangyari ang labanan sa Maynila ng mga Amerikano at Espanol na tinatawag ding mock battle o kunwaring labanan lamang?
   A. Agosto 11, 1898 C. Agosto 13, 1898
   B. Agosto 12, 1898

8. Ano ang nagpasidhi sa damdamin ng mga Pilipino na makamit ang Kalayaan?
   A. Ang Pagtatag ng Unang Republika C. Ang Kongreso ng Malolos
   B. Ang Kasunduan sa Paris

9. Kailan nilagdaan ang Kasunduan sa Paris?
   A. Disyembre 10, 1898 C. Disyembre 11, 1898
   B. Disyembre 12, 1898

10. Kailan bumagsak ang Unang Republika ng Malolos?
    A. Marso 29, 1899 C. Marso 31, 1899
    B. Marso 30, 1899

# Aralin 1 Unang Putok sa Panulukan ng Silencio at Sociego, Sta. Mesa

Alam mo ba ang Kasunduan sa Paris? Ito ay ang kasunduang nilagdaan ng mga pinuno ng Estados Unidos at ng España. Isa itong kasunduang pangkapayapaan na nagtatadhana sa paglilipat ng Español ng pamahalaan sa Estados Unidos at pagtanggap ng España ng dalawampung milyong dolyar mula sa Estados Unidos, paggagarantiya ng Estados Unidos na makapapasok ang kalakal ng España sa Pilipinas sa loob ng sampung taon, pag-alis ng mga Español sa Cuba, paglilipat ng pamahalaan ng Guam at Puerto Rico sa Estados Unidos, at masusing pagpapasiya ng Kongresong Amerikano sa mga karapatang pampulitika at pansibiko ng mga mamamayan ng mga inilipat na teritoryo. Bago pa man ipinagtibay sa Estados Unidos ang kasunduang ito, tumutol na ang mga Pilipino sa kasunduang pangkapayapaan. Iba't iba ang pananaw ng mga Amerikano sa di pagsang-ayon sa kasunduan.

Bakit kaya pinagtibay ng Senado ng Amerika ang Kasunduan sa Paris? Ano kaya ang plano ng Estados Unidos sa mga Pilipino? Paano kaya nagsimula ang labanan sa pagitan ng Pilipino-Amerikano? Tunghayan natin sa araling ito. Handa ka na ba?

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang iyong:

1. masusuri ang mga pangyayaring naganap sa panulukan ng Silencio at Sociego sa Sta. Mesa;
2. matutukoy ang dahilan ng alitan sa pagitan ng isang sundalong Amerikano at sundalong Pilipino na humantong sa labanang Pilipino-Amerikano;
3. masusuri ang timeline ng Digmaang Pilipino-Amerikano;
4. maipaliliwanag ang mga kadahilanan sa pagbabago ng pakikitungo ng Amerikano sa mga Pilipino; at
5. matutukoy ang dahilan ng pagtutol ng mga Pilipino sa Kasunduan sa Paris.

## Balikan

Panuto: Sagutin ng **Tama** o **Mali** ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa iyong kuwaderno ang tamang sagot.

1. Ang pagdating ng mga Amerikano sa Pilipinas ay talagang sinadya upang pakinabangan ang bansa sa kanilang sariling kapakanan.
2. Ang pakikialam ng Estados Unidos sa himagsikan sa Cuba ang nagbigay-hudyat sa pagdating ng Amerikano sa Pilipinas.
3. Tumindi ang alitang Amerikano-Pilipino nang sumabog ang Maine, isang barkong pandigma ng mga Amerikano.
4. Unang ipinahayag ang kasarinlan ng Pilipinas noong Hulyo 12, 1895 sa Kawit, Cavite.
5. Ang Saligang Batas ng Malolos ang pinakamahalagang nagawa ng Kongresong Panghimagsikan.

## Tuklasin

Pag-aralan mo!

**Timeline ng Digmaang Pilipino-Amerikano**

| | |
|---|---|
| 28 Abril 1898 | Nagsimula ang digmaan ng Estados Unidos laban sa España |
| 1 Mayo 1898 | Naganap ang makasaysayang laban sa Look ng Maynila na nag-udyok ito sa Estados Unidos na sakupin ang Pilipinas |
| 13 Agosto 1898 | Naganap ang Mock Battle ng Manila. Sa pamamagitan nito pinatunayan ng mga Español na lumaban ang mga hukbo nito sa abot na kanilang makakaya. |
| 10 Disyembre 1898 | Nilagdaan ni John Hay ang Kasunduan sa Paris. |
| 23 Enero 1899 | Itinatag ang Unang Republika ng Pilipinas sa Malolos. Hindi ito kinilala ng mga Amerikano. |
| 4 Pebrero 1899 | Pinatay ng sundalong si Willie M. Grayson ang isang kawal na Pilipino. Naging hudyat ito sa pagsisimula ng Digmaang Pilipino-Amerikano. |
| Agosto 29, 1896 | Unang malaking labanan sa San Juan del Monte sa pagitan ng mga Pilipino at Español. |

Panuto: Lagyan ng bilang **1** hanggang **5** ang sumusunod na pangyayari ayun sa tamang pagkasunod-sunod nito. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

__________ 1. Bumagsak sa mga kamay ng Amerikano ang Malolos.

__________ 2. Nagsimula ang digmaan ng Estados Unidos laban sa España.

__________ 3. Itinatag ang Unang Republika sa Malolos. Hindi ito kinilala ng mga Amerikano.

__________ 4. Naganap ang makasaysayang laban sa Look ng Maynila na nag-udyok sa Estados Unidos na sakupin ang Pilipinas.

__________ 5. Pinatay ng sundalong si William Walter M. Grayson ang isang kawal na Pilipino na naging hudyat sa pagsisimula ng Digmaang Pilipino-Amerikano.

## *Suriin*

**Simula ng Alitan ng mga Amerikano at Pilipino**

Bagama't pormal na ipinagkaloob ng España ang Pilipinas sa Estados Unidos, ipinagpatuloy ni Aguinaldo ang pagtatatag ng pamahalaan. Noong Enero 23, 1899, pinasinayaan ang Unang Republika sa Malolos, Bulacan. Hindi kinilala ng mga Amerikano at iba pang dayuhang bansa ang pamahalaang ito. Subalit kinilala ito ng mga mamamayang Pilipino at itinaguyod ang kapangyarihan ng Republika ng Pilipinas sa pamumuno ni Aguinaldo bilang Pangulo.

Ang hindi pagkilala ng Estados Unidos sa Republika ng Pilipinas ang unang hudyat ng pagbabago sa pakikitungo ng mga Amerikano sa mga Pilipino. Napatunayan ng mga Pilipino na ang tunay na hangarin ng mga Amerikano ay sakupin ang Pilipinas.

Noong gabi ng Pebrero 4, 1899, isang pangyayari ang tuluyang sumira sa relasyong Amerikano at Pilipino. Binaril at pinatay ng Amerikanong sundalo na si Private William Walter Grayson ang isa sa apat na Pilipinong sundalo na naglalakad sa Kalye Sociego, Sta. Mesa, Maynila. Kinabukasan, nilusob ng mga Amerikano ang hukbo ng mga Pilipino. Hiniling ni Aguinaldo kay Heneral Elwell Otis na ipatigil ang barilan sapagkat may utos sa mga sundalong Amerikano na salakayin ang mga Pilipino. Walang nagawa si Aguinaldo kundi ang magdeklara ng pakikidigma at makipagpalitan ng putok laban sa mga Amerikano.

Mula sa Malolos, sumugod ang mga pinunong Pilipino sa panulukan ng Silencio at Sociego, Sta. Mesa upang makipaglaban. Ang sagupaan ay nakarating hanggang Ilog-Marikina at nabihag ng mga Amerikano pati ang mga karatig-bayan ng Pasig, Pateros, at Guadalupe.

Lumaganap ang labanan ng mga Amerikano at Pilipino sa iba't ibang panig ng bansa. Nagkaroon ng sagupaan sa labanan ng Maynila pahilaga patungong Malolos, ang kabisera ng Unang Republika ng Pilipinas. Nagpamalas ng buong kagitingan ang mga kawal na Pilipino ngunit wala rin silang nagawa sa marahas na pagsugod ng napakaraming sundalong Amerikano. Nabihag ng mga Amerikano ang Malolos sa pamumuno ni Heneral Arthur MacArthur. May mga labanang naganap sa Maynila na pinamumunuan ni Hen. Antonio Luna. Ngunit nabigo ang mga Pilipino sa pakikipaglaban sa mga Amerikano. Sa labanan sa Malolos noong Marso 31, 1899 bumagsak ang kabisera ng Unang Republika sa kamay ng mga Amerikano. Napilitang lumisan si Aguinaldo patungong San Fernando, Pampanga at dito inilipat ang kabisera ng Republika.

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat sa iyong sagutang papel ang tamang sagot. Isalaysay mo.

1. Ano ang pangyayaring naganap sa panulukan ng Silencio at Sociego, Sta. Mesa?
2. Paano nalaman ni Emilio Aguinaldo na ang hangarin pala ng mga Amerikano ay sakupin ang Pilipinas?
3. Noong Pebrero 4, 1899 ano ang pangyayaring naganap sa panulukan ng Silencio at Sociego, Sta. Mesa na tuluyang sumira sa relasyon ng Amerikano at Pilipino?
4. Bakit napilitang lumipat si Aguinaldo patungong San Fernando, Pampanga?

## *Pagyamanin*

Panuto: Basahin at unawain ang mga pahayag. Isulat ang **TAMA** o **MALI.** Ilagay ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Hindi pormal na ipinagkaloob ng España ang Pilipinas sa Estados Unidos.
2. Noong Pebrero 24, 1898, pinasinayaan ang Unang Republika sa Malolos, Bulacan.
3. Hindi kinilala ng mga Amerikano at iba pang dayuhang bansa ang Pamahalaang Republika ng Pilipinas.
4. Lubos ang pagtanggap ng mga Pilipino sa kanilang pangulo na si Emilio Aguinaldo at ang kapangyarihan ng Republika ng Pilipinas.
5. Ang pagbaril at ang pagpatay sa isa sa apat na sundalong Pilipino ng isang sundalong Amerikano ang nagbugso sa mga Amerikano na lusubin ang hukbo ng mga Pilipino.

## Isaisip

Bago dumating ang mga Amerikano, ang Pilipinas ay isang kolonya ng España. Nagalit ang España sa pakikialam ng Estados Unidos sa Cuba, na isa rin nitong kolonya, at naging daan ito sa pagdating ng mga Amerikano sa Pilipinas.

Sa Digmaang Español-Amerikano, malaki ang naitulong ng mga Pilipino upang mapabagsak ang makapangyarihang pamahalaang Español sa Pilipinas. Malaki ang pag-asa ng mga Pilipinong ipagkakaloob sa kanila ng mga Amerikano ang pinakaaasam na kasarinlan.

Ngunit ang pag-asang ito ay unti-unting naglaho dahil nagkaroon ng malaking interes ang mga Amerikano upang gawing kolonya ang Pilipinas. Masidhing pagtutol ang ipinakita ng mga Pilipino sa mga patakaran ng pamamahala ng Estados Unidos sa Pilipinas. Kaya panibagong digmaan na naman ang sinuong ng mga Pilipino laban sa mga sa Amerikano.

## Isagawa

Panuto: Isa-isahin ang mga petsa ng kaganapan at pangyayari mula 1898 hanggang 1899. Iguhit ang organizer at isulat ang sagot sa papel.

| Petsa | Kaganapan |
|---|---|
| 1. Mayo 1, 1898 | |
| 2. Agosto 13, 1898 | |
| 3. Disyembre 10, 1898 | |
| 4. Enero 23, 1899 | |
| 5. Pebrero 4, 1899 | |
| 6. Marso 31, 1899 | |

Pumili ng sagot sa loob ng kahon:

- Naganap ang Mock Battle sa Maynila
- Paglagda sa Kasunduan sa Paris
- Binaril at pinatay ni William Walter M. Grayson ang isang sundalong Pilipino na nagpasimula sa Digmaang Pilipino-Amerikano
- Itinatag ang Unang Republika sa Malolos na hindi kinilala ng mga Amerikano
- Bumagsak sa mga kamay ng Amerikano ang Malolos
- Naganap ang makasaysayang laban sa Look ng Maynila

## Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Sino ang pinunong heneral ng Estados Unidos na namuno sa labanan sa pagbagsak ng Malolos?
   A. Heneral Arthur MacArthur
   B. Heneral Frederick Funston
   C. Heneral Elwell Otis

2. Kailan pinasinayaan ang Unang Republika sa Malolos, Bulacan?
   A. Enero 23, 1897
   B. Enero 23, 1898
   C. Enero 23, 1899

3. Ano ang naging hudyat ng pagbabago ng pakikitungo ng mga Amerikano sa mga Pilipino?
   A. Ang hindi pagkilala ng mga Estados Unidos sa Republikang itinatag.
   B. Ang hindi pag-sang-ayon ng Estados Unidos sa Kasunduan sa Paris.
   C. Tama ang A at B.

4. Kailan naganap ang makasaysayang pangyayari sa panulukan ng Silencio at Sociego, Sta. Mesa na naghudyat ng hindi pagkakaintindihan sa panig ng Amerikano kaya nilusob nila ang hukbong Pilipino?
   A. Enero 22, 1898
   B. Marso 5, 1899
   C. Pebrero 4, 1899

5. Sino ang matapang na heneral sa hukbo ng mga pinuno sa Unang Republika ng Pilipinas na lumaban sa panig ng Maynila pagkatapos idineklara ni Aguinaldo ang laban sa mga Amerikano?
   A. Heneral Gregorio H. del Pilar
   B. Heneral Antonio Luna
   C. Heneral Juanario Galut

## Karagdagang Gawain

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mahahalagang pangyayari. Lagyan ng bilang **1** hanggang **5** sa patlang. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

________ 1. Pagpapasinaya ng Kongreso ng Malolos
________ 2. Pagbabalik ni Aguinaldo sa Pilipinas
________ 3. Pagapahayag ng Pamahalaang Diktatoryal
________ 4. Labanan sa Look ng Maynila
________ 5. Pagtatatag ni Aguinaldo ng Pamahalaang Rebolusyonaryo

**Aralin 2**

# Labanan sa Tirad Pass

Napag-aralan mo sa nakaraang modyul ang mga dahilan ng alitan sa panig ng sundalong Amerikano at sundalong Pilipino. Nalaman mo rin ang pangyayari sa makasaysayang lugar ng panulukan ng Silencio at Sociego, Sta. Mesa, Maynila. Nakilala mo si Heneral Antonio Luna, isa sa mga pinuno ng hukbong Pilipino na lumaban sa Maynila. Nalaman mo rin ang timeline ng digmaang Pilipino-Amerikano, na kung saan mahihinuha mo at matatandaan ang mahahalagang pangyayari sa pagdating, pakikipagkaibigan, pagdududa at pananakop ng mga Amerikano sa mga Pilipino. Sa modyul na ito, malalaman mo ang mga naganap sa buhay ni Aguinaldo, ang pagkahuli sa kaniya at ang mga pinunong Pilipino na lumaban para lamang sa kaniya. Sino-sino kaya sila?

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang iyong:

1. masusuri ang mga labanan sa iba't ibang panig ng bansa maabot lang ang minimithing kalayaan;

2. makikilala ang mga bayani sa madugong labanan sa Tirad Pass;

3. malalaman ang bunga ng makasaysayang Digmaang Pilipino-Amerikano;

4. malalaman ang pagkamatay ni Heneral Antonio Luna at ang naambag niya sa Digmaang Pilipino-Amerikano; at

4. makikilala ang mga pinunong lumaban para sa kalayaan.

## Balikan

Handa ka na bang balikan ang nakaraang aralin?

Panuto: Isulat ang salitang **Tama** kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at **Mali** kung hindi. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

1. Ang Kasunduan sa Paris na nilagdaan noong Disyembre 10, 1898 ay malugod na tinanggap ng mga Pilipino.
2. Walang nalalaman si Aguinaldo tungkol sa lihim na kasunduan ng mga Español at Amerikano.
3. May isang kawal na Pilipinong pinaputukan ng kawal na Amerikanong si William Grayson.
4. Nangyari ang alitan ng kawal na Pilipino at Amerikano sa San Juan del Monte.
5. Hiniling ni Aguinaldo kay Heneral Arthur MacArthur na ipatigil ang barilan sapagkat wala siyang utos na makipaglaban sa mga Amerikano.
6. Ang pagmamalabis ng mga Amerikano ay pinalampas ng mga Pilipino.
7. Dahil sa lakas ng puwersa ng mga Amerikano, sila ay nagtagumpay na lubusang masakop ang bansa.
8. Umabot hanggang Visayas at Mindanao ang pakikipaglaban ng mga Pilipino sa mga Amerikano.
9. Sa labanan sa Malolos noong Marso 31, 1899 bumagsak ang kabisera ng Unang Republika ng Pilipinas.
10. Ang sagupaan ay nakarating hanggang Ilog Marikina at nabihag ng mga Amerikano pati ang mga karatig-bayan ng Pasig, Pateros at Guadalupe.

## Tuklasin

Basahin ang tula na isinulat ni Mitzel M. Alvaran ng may damdamin.

**Para Sa Kalayaan**

Ano ba ang bayani para sa iyo?
Makikilala mo lang ba kung ito'y binabasa mo?
Pwede rin naman sa mga gurong nagtuturo,
Magagaling sila at paparangalan mo.

Mga bata tayo'y mag-isip isip na,
Dapat nating tularan ang angking ugali nila.
Kasipagan, talino at katapangan,
Pagpapakumbaba ay ginawa para sa tadhana.

Gregorio H. del Pilar, Bayani sa Pasong Tirad,
Sa paninindigan at pakikibaka, kahanga-hanga,
Sa pagtatangol sa Pangulong Emilio Aguinaldo,
Disiplina ay dala sa hukbo walang tatalo.

Buhay ay inalay sa pagtatanggol nito,
Makikita pagmamahal niya para sa Pilipino.
Sa bayang sinilangan itinatak ang kadakilaan,
Para sa kalayaan, buhay ibinuwis pa man.

Kabataan tayo na at magbago,
Yapak ng bayaning mahal ihayag mo.
Maging Maka-Diyos, Makakalikasan, Makabansa at Maka-Tao,
Ipakita mo para sa bansang may pagbabago.

Nabasa mo ba ang tula? Bakit kaya namatay si Heneral Gregorio H. del Pilar? Ano-ano kaya ang kaganapan sa buhay niya sa pagtatanggol sa Pangulong Aguinaldo?

Alamin sa sumusunod na hakbang ng modyul na ito.

## Suriin



**Heneral Gregorio H. del Pilar**


**Ang Pasong Tirad**

Nagkaroon ng malawakang labanan sa pagitan ng Pilipino at Amerikano pagkatapos ang labanan sa buong Luzon at nang napasakamay na ng mga Amerikano ang Malolos. Umabot hanggang Visayas at Mindanao ang pakikipaglaban ng mga Pilipino sa mga Amerikano. Sa Visayas, matapang na lumaban ang mga Pilipino ngunit isa-isa namang bumagsak ang mga pook doon tulad ng Iloilo at Cebu. Napasakamay ng mga Amerikano ang halos buong Visayas. Napakasidhi din ang pangyayari sa Balangiga, Samar na kumitil sa maraming buhay ng mga residente doon. Halos dalawang taon mahigit ang labanan ng mga Pilipino at Amerikano. Halos lahat ng mga pinunong militar ay sumuko.

Bago pa man napasailalim ang buong Visayas at Mindanao, ang buong Pilipinas ay tuluyan na nasa panganib ng tumakas si Aguinaldo. Una, inilipat sa San Fernando, Pampanga ang kabisera. Nabihag ng mga Amerikano ang iba't ibang bayan sa Luzon. Muling inilipat ni Aguinaldo ang pamahalaan sa Tarlac. Sinalakay rin ni MacArthur ang Tarlac at ito ay kanyang nabihag. Muling lumikas si Aguinaldo at nakarating sa Bayombong, Pangasinan. Buhat dito, nagpatuloy siya sa Kamlon, Timog Ilocos patungong Lalawigang Bulubundukin. Pagdating niya sa Bulubundukin, iniutos niya sa kanyang mga heneral na bumuo ng pangkat ng gerilya sapagkat wala silang laban sa mga mahuhusay na sandata ng mga Amerikano. Nahirapan ang mga Amerikanong sugpuin ang mga ito hanggang nakaisip sila na isagawa ang paraang sona. Dalawang taon ding tumagal ang samahang gerilya.

Dumating ang araw ng na kailangang iligtas ni Heneral Gregorio M. del Pilar si Aguinaldo sa Pasong Tirad. Dahil sa kahit anong paraan, tinutugis ng mga Amerikano si Aguinaldo. Nakarating ulit siya sa ilang bayan ng Pangasinan, sa hilagang Luzon, sa Cagayan Valley at sa Isabela.  Sa Palanan, Isabela niya itinayo ang kanyang punong himpilan.

Naghanda Heneral Gregorio M. del Pilar sa pagdating ng mga Amerikano. Balak nilang antalahin ang mga Amerikano upang mabigyan ng panahong makatakas si Aguinaldo at ang kanyang mga tauhan. Noong Disyembre 2, 1899 dumating ang mga Amerikano sa pamumuno ni Komandante Marsh at sila ay sinalubong ng mga putok. Umurong ang mga Amerikano at humanap sila ng ibang daan upang makaakyat sa bundok. Isang Igorot, si Juanario Galut, ang nagturo sa mga Amerikano ng isang lihim na daanan papunta sa itaas. Nabigla sina Heneral Gregorio M. del Pilar nang paputukan sila ng mga Amerikano. Namatay ang mga kawal na Pilipino, kasama si Heneral Gregorio H. del Pilar na nabaril sa leeg. Bumagsak ang magiting na heneral ng Pasong Tirad sa pagtatanggol kay Aguinaldo.




## *Pagyamanin*

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mahahalagang pangyayari. Lagyan ng bilang **1** hanggang **5** sa patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_________ 1. Tumakas si Aguinaldo kasama ang kanyang gabinete at inilipat sa San Fernando, Pampanga ang kabisera.

_________ 2. Dumating sa Lalawigang Bulubundukin si Aguinaldo at dito inutos niya sa kanyang mga heneral na bumuo ng pangkat na gerilya.

_________ 3. Muling lumikas si Aguinaldo at nakarating sa Bayombong, Pangasinan.

_________ 4. Walang nagawa si Aguinaldo kundi tumakas at magpalipat-lipat ng lalawigan, kasunod ng mga Amerikanong tumutugis sa kanya.

_________ 5. Nakarating sa Palanan, Isabela si Aguinaldo at dito niya itinayo ang kanyang punong himpilan.

## Isaisip

Kinakailangang mapigil ang tumutugis na mga Amerikano sa paglikas ni Aguinaldo. Si General Gregorio H. del Pilar ang inatasan mamuno sa mapanganib na misyon. Kasama ang kanyang mga sundalo, hinintay ni Del Pilar ang mga Amerikano sa Pasong Tirad, Cervantes, Ilocos Sur noong Disyembre 2, 1899. Napili nila ang naturang lugar dahil mataas at mahihirapan ang mga kalaban na makita sila. Agad nagkaroon ng palitan ng putok nang namataan ng mga Pilipino ang mahigit 300 na sundalong Amerikano. Sa simula, nahirapan ang mga kalaban na makita ang mga Pilipino. Marami nang sundalong Amerikano ang natamaan at namatay. Sa kasamaang palad, isang Igorot, si Juanario Galut, ang nagturo sa Amerikano ng daan papunta sa itaas ng bundok. Nabigla sina Del Pilar ng paputukan sila ng mga Amerikano. Namatay ang mga sundalong Pilipino pati na si Gregorio H. del Pilar na nabaril sa leeg. Ito ang huling kaganapan sa buhay ng isang magiting na bayani na nagbuwis ng buhay upang ipagtanggol si Emilio Aguinaldo.

## Isagawa

**Mga Heneral sa Labanang Pilipino-Amerikano**

Ipinakita ng mga Pilipinong sundalo ang kanilang katapangan. Kahit mga lumang riple, bolo at mga anting-anting lamang ang kanilang gamit ay hinarap nila nang buong giting ang mga Amerikanong sundalo. Nais sana ng Pamahalaang Aguinaldo sa tulong ni Pedro Paterno na pigilan ang lumalaganap na labanan. Nagmungkahi sila ng pakikipag-usap kay Gobernador Heneral Elwell Otis, ang Amerikanong gobernador militar sa Pilipinas, ngunit ito ay tumanggi. Sa ilalim ni Gob. Heneral Otis, naitatag ang pamahalaang militar. Lumaganap ang pagtugis ng mga Amerikano sa mga rebeldeng Pilipino sa paligid ng Maynila gaya ng La Loma, Quezon City; Maypajo, Caloocan City; at Daang Azcarraga (Claro M. Recto Avenue ngayon), Maynila. Isinunod nila ang pagkubkob sa kabisera ng Pamahalaang Rebolusyonaryo sa Malolos, Bulacan noong Marso 31, 1899. Hindi kaagad nadakip si Pangulong Aguinaldo at ang kanyang mga pangunahing tagapayo sa dahilang nailipat nila ang kabisera ng Rebolusyonaryong Pamahalaan sa San Isidro, Nueva Ecija. Nagpatuloy ang labanan at nagkaroon ng paghahati sa pagkapanalo sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano. Nanalo ang mga Pilipino sa Polo, Bulacan nang mapatalsik si Heneral Lloyd Wheaton at mapatay si Lt. Col. Harry Egbert. Sa Quingua (Plaridel) ay napagtagumpayan nina Heneral Gregorio H. del Pilar ang labanan at tinalo nila ang hukbo ni Maj. Franklin Bell at Col. John Miller Stotsenberg

na kasamang nasawi sa labanan. Sa San Mateo, Rizal ay napatay si Heneral Henry Lawton ng grupo ni Heneral Licerio Geronimo.

Isang malungkot na pangyayari sa panahon ng digmaan ay ang pagkamatay ni Heneral Antonio Luna noong Hunyo, 1899 sa Cabanatuan. Ito ay nagdulot ng demoralisasyon sa hanay ng mga Pilipinong rebolusyonaryo. Ngunit hinihinala na ang pagkamatay niya ay may kaugnayan sa kanyang pagpaparusa sa Kawit Company ng insubordinasyon at sa tunggalian ng kapangyarihan sa loob ng Pamahalaang Aguinaldo.

Noong Nobyembre 1899, binuwag ni Pangulong Aguinaldo ang regular na hukbo ng mga rebolusyunaryo. Binuo niya ang isang desentralisadong kumando ng mga gerilya sa iba't ibang sonang militar. Naging mahirap sa mga sundalong Amerikano na dakpin ang mga Pilipinong Rebolusyonaryo. Ang mga ito ay malayang nakagagalaw sa mga sibilyang komunidad at itinatago ng mga mamamayan. Dahil dito, nagsimula ang pananakot at paghihigpit ng mga Amerikano sa mga sibilyan. Ayon kay Gregorio Zaide, may 200,000 sibilyan ang namatay dahil sa gutom at mga karamdamang dala ng digmaan. Ang pamahalaang Aguinaldo ay di gaanong naging epektibong awtoridad sa buong kapuluan kundi naging organisado at malakas lamang sa rehiyon ng Katalugan. Gayunpaman, lumaban ang mga Pilipinong taga Visayas at Mindanao at nanatili ang labanan sa mga kabundukan ng Iloilo, Cebu at Bohol.

Ang mga magtatanim ng tubo sa Negros ang isa sa mga grupo ng mga Pilipino na tuwirang tinanggap ang pamahalaang Amerikano. Gayunpaman, nadakip na si Pangulong Aguinaldo ng mga Amerikano sa Palanan, Isabela. Patuloy pa rin ang mga labanan sa iba't ibang bahagi ng bansa hanggang sa taong 1903. Sa Mindanao ay nagkaroon ng malaking hadlang ang Hukbong Amerikano dahil sa masidhing pagtutol ng mga Kristiyanong Pilipino na tanggapin ang pamamahala ng mga Amerikano.

Noong Agosto 1899 ay nagkaroon ng kasunduan sa pagitan nina Heneral John C. Bates, kinatawan ng Pamahalaang Amerikano, at Jamal-ul-Kiram II, Sultan ng Sulu, tungkol sa di pakikialam ng mga Amerikano sa nasabing isla. Subalit noong taong 1903, nagkaroon ng malaking impluwensya ang pamahalaang Amerikano sa mga lalawigan sa Mindanao. Tinulungan nila ang mga ito sa pagpapaunlad, naging maluwag ang mga patakarang ipinatupad, ipinagbawal at ginawang kasalanan sa batas ang pang-aalipin, nagtayo ng mga paaralang hindi Muslim ang kurikulum, at nagtatag ng mga pamahalaang lokal. Ang pamamahala ng mga Amerikano sa Mindanao ay umabot hanggang taong 1914. Naipatupad nila ang pagpapalit sa Batas Shariah o Batas Islamiko.

Panuto: May mga lugar na nagsisilbing tagapagpaalaala ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Punan ang **matrix** sa ibaba ng mga pangalan ng mga heneral na Pilipino at Amerikano na nagkaroon ng bahagi sa digmaang ito. Itapat ang kanilang pangalan sa mga lugar na naging bahagi ng labanan.

| Mga lugar na pinangyarihan ng labanan | Mga heneral na Pilipino at Amerikano na nagkaroon ng kaugnayan sa labanang nangyari |
|---|---|
| 1. La Loma, Quezon City | |
| 2. Maypajo, Caloocan | |
| 3. Daang Azcarraga, Maynila | |
| 4. Polo, Bulacan | |
| 5. Plaridel, Bulacan | |
| 6. San Mateo, Rizal | |
| 7. Cabanatuan, Nueva Ecija | |

## *Tayahin*

Panuto: Sino-sino ang tinutukoy ng mga pangungusap sa ibaba? Hanapin ang sagot sa kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| A. Felipe Calderon | F. William Grayson |
| B. Apolinario Mabini | G. Arthur MacArthur |
| C. Emilio Aguinaldo | H. Ambrosio Rianzares Bautista |
| D. Gregorio H. del Pilar | I. Fermin Jaudenes |
| E. Cecilio Segismundo | J. Juanario Galut |

_______ 1. Pangulo ng Unang Republika

_______ 2. Bayani ng Pasong Tirad

_______ 3. Pilipinong nagturo sa kuta ni Aguinaldo

_______ 4. Kastilang kinasundo nang lihim nina Heneral W. Merritt at Almirante Dewey

_______ 5. Bumaril sa kawal na Pilipino sa panulukan ng Silencio at Sociego, Sta. Mesa, Maynila

_______ 6. Amerikanong heneral na nakabihag halos ng buong Luzon

_______7. Nagpayo kay Aguinaldo na magtatag ng pamahalaang diktatoryal

_______8. Punong tagapayo ni Aguinaldo

_______9. Sumulat ng Saligang Batas ng Malolos

_______10. Nagturo sa mga Amerikano ng isang lihim na daanan sa Pasong, Tirad

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Sino ang bayani na iyong nakikita sa larawan? Ano ang kanyang naiambag sa Pamahalaang Pilipino sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano? Isulat ang reaksyon mo sa iyong sagutang papel.



# Aralin 3 Balangiga Massacre

Sa iyong napag-aralan sa una at pangalawang aralin, batid mo ang kadahilanan kung bakit lumaban ang mga Pilipino sa mga Amerikano. Napag-alaman mo rin ang mahahalagang tao na lumaban at nagkaisa na tulungan si Emilio Aguinaldo upang makalayo sa mga Amerikano. Batid ng mga Pilipino na sasakupin ang Pilipinas kaya maraming buhay ang nabuwis sa mga Pilipino at Amerikano.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang iyong;

1. makikilala ang mga pinunong Pilipino na nagpakita ng katapangan sa Balangiga;
2. malalaman ang totoong plano ng mga pinunong Pilipino habang hinihintay nila ang mga Amerikano sa Balangiga;
3. maiisa-isa ang mga ginawang hindi maganda ng pinunong Amerikano sa bayan ng Balangiga pagkatapos mangyari ang tinatawag na "Balangiga Massacre" nang sugurin at patayin ng mga sibilyan ang mga sundalong Amerikano; at
4. maipapaliwanag ang plano ng mga Amerikano kung bakit nais nilang sakupin ang bayan ng Balangiga sa Samar.

## Balikan

Panuto: Basahin ang sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang Amerikanong heneral na namuno sa labanan sa La Loma, Quezon City?
   A. Henerel Elwell Otis
   B. Heneral Arthur MacArthur
   C. Heneral Emilio Aguinaldo

2. Sino ang Amerikanong heneral na namuno sa labanan sa Polo, Bulacan?
   A. Heneral Lloyd Wheaton
   B. Heneral Elwell Otis
   C. Heneral Arthur MacArthur

3. Sino ang Pilipinong Heneral na namuno sa Cabanatuan, Nueva Ecija?
   A. Heneral Antonio Luna
   B. Heneral Gregorio H. del Pilar
   C. Heneral Emilio Aguinaldo

4. Sino ang Pilipinong Heneral na namuno sa Plaridel, Bulacan?
   A. Heneral Antonio Luna
   B. Heneral Gregorio H. del Pilar
   C. Heneral Emilio Aguinaldo

5. Sino ang Igorot na nagturo sa mga Amerikano ng isang lihim na daanan papunta sa itaas ng bundok kung saan nagtatago ang hukbo ni Gregorio H. del Pilar?
   A. Juanario Galut
   B. Felipe Calderon
   C. Fermin Jaudenes

## *Tuklasin*

Alam mo ba kung ano ang nangyari sa Balangiga, Eastern Samar? Noong September 28, 1901, nagkaroon ng madugong labanan sa pagitan ng mga sundalong Amerikano at mga taga Balangiga. Alamin mo kung paano nagplano ang mga pinunong Pilipino habang hinihintay nila ang mga Amerikano sa Balangiga.

## *Suriin*

May grupo ng mga sundalong Amerikano ang inutusan ni Hen. Jacob Smith na patayin ang lahat ng mga lalaking nasa edad 10 pataas pagkatapos bumalik ang mga Amerikano sa Balangiga, Samar upang maghiganti sa pagkamatay ng mga kasamahang sundalo na pinatay ng mga nag aalsang Pilipino. Basahin ang kuwento sa likod ng Balangiga Massacre.

**Balangiga Massacre, Balangiga, Eastern Samar**

Sa kasagsagan ng pagdakip at pagpapasuko kay Hen. Emilio Aguinaldo sa Palanan, Isabela at paglagda ng pormal na pagsuko noong Abril 19, 1901, sumuko na rin ang iba pang mga pinuno na lumaban sa kalayaan ng bansa sa mga sundalong Amerikano. Ngunit sa bayan ng Balangiga, Eastern Samar nagtago si Vicente Lukban, pinuno ng mga rebeldeng Pilipino dito. Napag-alaman ng mga

Amerikano na may marami itong kasamahan na nagtatago. Alam ng heneral ng sandatahang lakas ng Estados Unidos, si Robert C. Hughes, na mag-aalsa ang mga tao doon kaya naisipan niyang kailangan na pahirapan ang mga tao sa Balangiga. Kaya sinunog ang mga pananim doon upang tuluyang sumuko ang mga nagtatagong rebelde sa kadahilanan na wala na silang pagkukunan ng mga pagkain at panustos pinansyal.

Noong Agosto 1901 dumating ang taga-Company C ng 9th Infantry Regiment upang ipasara at pigilin ang suplay ng mga rebelde sa pamumuno ni Vicente Lukban. Sa hindi alam ng mga sundalong Amerikano, nagpadala ng sulat ang Alkalde Mayor ng Balangiga na si Pedro Abayan kay Vicente Lukban na sa pagdating ng mga Amerikano ay lilinlangin lamang nila ang mga ito. Sa pamamagitan ng maluwalhating pagtanggap, mag-aalsa sila sa oras na makakuha ng pagkakataon. Hindi nakitaan ng agresyon ang mga residente ng Balangiga sa unang buwan ng presensiya ng mga Amerikano at nakisama pa ito sa pag-iinuman ng tuba at paglalaro ng baseball. Tumaas ang tensyon ng mga residente nang ipag-utos ng kapitang Amerikano na si Kapitan Thomas W. Conwell na maglinis ng kapaligaran upang maging maganda sa pagdating ng isang mataas na pinuno ng Estados Unidos. Hindi intensyon na nasira ng mga tao ang mga pananim na pinagkukunan ng pagkain ng mga rebelde sa ilalim ni Lukban. Noong Setyembre 8, 1901, ipinadala ni Lukban ang halos 400 na kasamahan niya upang mabigyan ng leksyon ang mga tao na nakasira ng mga pananim at pati na rin ang pakikipagkaibigan nila sa mga sundalong Amerikano. Pumagitan si Kapitan Eugenio Daza at ang Paring si Donato Gimbal Libut at naghupa ang tensyon.

Nakarating kay Kapitan Thomas Conwell ang nangyari at ipinadakip niya ang pinaghihinalaang 80 kalalakihan. Ikinulong ang mga ito ng isang araw, hindi pinakain at kinuha ang kanilang mga itak. Lingid sa kanilang ginawa, nagplano ng pag-aalsa sina Valeriano Abanador, hepe ng pulis sa Balangiga at Kapitan Daza sa araw ng kapistahan. Noong umaga ng Setyembre 28, 1901, habang umiinom ng kape ang mga sundalo at ang mga nakulong na kalalakihan ay naglilinis na walang kalam-alam sa mangyayari, biglang inagaw ni Abanador ang riple ng sundalong Amerikano na si Private Adolf Gamblin, pinukpok ito sa ulo saka pinaputok ang riple, hudyat ng pag-aalsa sabay sa pagpatunog ng kampana ng simbahan. Halos 500 kasama ang mga nakulong ang lumabas dala ang mga itak at inagaw ang mga armas ng mga sundalong Amerikano. Maraming sundalong Amerikano ang lumaban gamit lamang ang kahit na anong mahawakan. Pinasok din ng mga residente ang tinitirhan ng mga opisyal ng mga sundalong Amerikano at pinatay ang tatlong opisyal na nandoon. Nang nahimasmasan si Private Gamblin sa pagkakapukpok ng ulo nito, kinuha niya ang kanyang riple at namaril ng ibang residente, sa pagkagulat ni Abanador pinaalis niya ang lahat ng residente upang magtago. Sa pangyayaring ito, nagmistulang walang tao ang lugar ng Balangiga. Inilibing ng ilang mga residente ang namatay nilang kasamahan at agad nilang nilisan ang lugar. Sa 74 na bilang ng taga-Company C, 36 ang namatay kasama na si Kapitan Thomas W. Conwell, 1st Lt. Edward A. Bumpus at Maj. Richard S. Griswold; 22 ang nasugatan, apat ang nawawala, walo ang namatay dahil sa sugat at apat lamang ang mga nakaligtas na hindi nasugatan.

Umabot ang balita sa mga Amerikano na nakatalaga sa base at naglayag ito papuntang Balangiga, sakay ng SS Pittsburg ng mga sundalo ng Company G. Inilibing nila ang kasamahan nilang namatay at agad na sinunog ang bahay na walang katao-tao. Agad na nag-utos ang noo'y pangulo ng Estados Unidos na si Pangulong Theodore Roosevelt sa nakatalagang gobernador ng Pilipinas na ayusin ang isla ng Samar. Itinalaga si Bgdr. Gen. Jacob H. Smith na agad na nag-utos sa kay Maj. Littleton Waller na patahimikin ang buong isla ng Samar. Ito ang ibinigay na utos sa kanya: *"I want no prisoners. I wish you to kill and burn, the more you kill and burn the better it please me… The entire of Samar will be made into a howling wilderness."*

Sa inutos na ito ni Heneral Jacob Smith, tinawag siyang Heneral Jacob "Howling Wilderness" Smith. Nag-utos siya na patayin ang lahat na tao na kayang magdala ng armas laban sa mga sundalong Amerikano, 10 taong gulang pataas. Hinanap ng mga sundalong Amerikano ang mga posibleng pumatay sa kasamahan nila, lalung-lalo na si Vicente Lukban ngunit nabigo silang madakip ito. Sa pangyayaring ito, 225 na kabahayan ang nasunog, 33 kalabaw ang kanilang binaril at 39 na tao ang kanilang pinatay. Sa pangyayaring ito pinatanggal sa posisyon nila si Heneral Jacob Smith at si Maj. Littleton Waller.

Panuto: Ibigay ang kontribusyon ng mga pinuno sa Balangiga sa pag-aalsa laban sa mga Amerikano.

| Pinuno ng Balangiga | Kontribusyon |
|---|---|
| 1. Vicente Lukban | |
| 2. Pedro Abayan | |
| 3. Eugenio Daza | |
| 4. Donato Gimbal Libut | |
| 5. Valeriano Abanador | |

## Pagyamanin

**Gawain 1**

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Bakit nagplano ng pag-aalsa ang mga taga-Balangiga?
2. Sa iyong palagay, ano ang layunin ng mga sundalong Amerikano sa pagsakop sa Balangiga, Samar?
3. Anong pangyayari ang naghudyat sa pagtunog ng kampana ng simbahan?
4. Ano ang patunay ng pakikisama ng mga residente ng Balangiga sa mga sundalong Amerikano?
5. Anong mga pangyayari ang naganap pagkatapos ng pagpatay sa mga sundalong Amerikano ng mga residente?

**Gawain 2**

Panuto: Suriin at isulat sa sagutang papel kung **Tama** o **Mali** ang sinasabi ng bawat pangungusap. Isulat ang tamang sagot kung ito ay mali. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

_______ 1. Nag-utos ang heneral ng Estados Unidos na si Robert C. Hughes na sirain ang pananim ng pinagkukunan ng pagkain ng mga taga-Balangiga.

_______ 2. Noong Abril 29, 1901 nang lumagda si Emilio Aguinaldo sa isang pahayag nang pagsuko.

_______ 3. Nakisama nang maayos ang mga residente sa Balangiga ng dumating ang mga Amerikano.

_______ 4. Pinasara ang mga mahahalagang daungan ng barko sa Base, Balangiga.

_______ 5. Namatay ang sundalong si Private Adolf Gamblin nang pukpukin ng riple ni Valeriano Abanador.

## Isaisip

Ang tinatawag na Balangiga Massacre ay ang pag-aalsa ng mga residente ng Balangiga sa mga sundalong Amerikano na noo'y hinahanap si Vicente Lucban sa buong Samar. Ang pag-aalsa ay nangyari noong Setyembre 28, 1901. Pinagplanuhan nina Valeriano Abanador, hepe ng Balangiga, at ni Kapitan Eugenio Daza ang mangyayari nang umagang iyon habang kumakain ng agahan ang mga sundalong Amerikano. Sinimulan ito sa pag-agaw ni Abanador sa riple ni Private Adolf Gamblin, pinukpok ito sa ulo, at nagpapaputok, hudyat para patunugin ang kampana ng simbahan at paglabasan ng halos 500 mamamayang may dala-dalang itak na sumugod sa mga sundalong Amerikano na hindi nakapaghanda. Pinasok at pinatay ng mga residente ang bahay na tinitirhan ng tatlong opisyal na nandoon. Nang nahimasmasan sa pagkapalo si Private Gamblin, nagpaputok din ito at namaril ng mga residente. Dahil dito umalis ang lahat ng mga residente sa lugar na pinangyarihan.

## Isagawa

Alin sa sumusunod na gawain ang nagpapakita ng diwang makabansa o makabayan? Isulat mo ang ☺ kung nagpapakita ng diwang makabayan at ☹ kung hindi. Gawin mo ito sa iyong kuwadernong sagutan.

| Mga Gawain | ☺ | ☹ |
|---|---|---|
| 1. Sinusubaybayan ko ang mga kaganapan at pangyayari sa pamahalaan at sa bansa. | | |
| 2. Nakikilahok ako sa proyekto na naglalayong mapabuti at mapaunlad ang bansa. | | |
| 3. Nagsisikap akong mapaunlad ang aking sarili sa pamamamagitan ng pagkatuto ng maraming kapaki-pakinabang na kaalaman at kasanayan. | | |
| 4. Nagtitiwala ako sa aking sarili at sa aking mga kakayahan at naniniwala ako na may magagawa ako para sa bayan. | | |
| 5. Naniniwala at nagtitiwala ako sa mga lider na namumuno sa ating pamahalaan. | | |

## Tayahin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat sa sagutang papel ang tinutukoy ng sumusunod na pahayag.

1. Ano dahilan kung bakit tumaas ang tensiyon sa pagitan ng residente ng Balangiga at ng mga sundalong Amerikano?
2. Ano ang petsa kung kailan nagpadala si Vicente Lukban ng kanyang mga tauhan upang mabigyan ng leksyon ang mga tao na nakasama sa pagsira ng pananim?
3. Sino ang pinuno ng mga sundalong Amerikano na ipinadala sa Balangiga?
4. Ano ang dahilan kung bakit nagsi-alisan ang mga residente ng Balangiga pagkatapos nilang pinatay ang mga sundalong Amerikano?
5. Ano ang mensahe ng heneral ng Estados Unidos na si Hen. Jacob Smith pagkatapos malaman ang kaguluhan na umabot sa pagkamatay ng mga Amerikanong sundalo?

## Karagdagang Gawain

Panuto: Magbigay ng reaksyon tungkol sa pangyayaring naganap sa Balangiga. Sang-ayon ba kayo na tinawag na “Balangiga Massacre” ang pag-aalsa ng mga residente na pumatay sa mga 39 na sundalong Amerikano, paghiganti ng mga sundalong Amerikano, at pagpatay sa mga kalalakihan, pagsunog sa mga bahay at namaril ng mga hayop alinsunod sa utos ni Hen. Jacob Smith? Isulat ang reaksyon mo sa sagutang papel.

# *Susi sa Pagwawasto*

## Aralin 1

| Subukin | Balikan | Tuklasin | Suriin |
|---|---|---|---|
| 1. A | 1. Mali | 1. 5 | 1. Pangyayaring tuluyang sumira sa relasyong Pilipino-Amerikano nang barilin at patayin ni Private William Walter M.  Grayson ang isa sa apat na sundalong Pilipino. |
| 2. B | 2. Tama | 2. 1 | 2. Ang hindi pagkilala ng Amerika sa Republika |
| 3. C | 3. Mali | 3. 3 | 3. Pangyayaring tuluyang sumira sa relasyong Pilipino-Amerikano nang barilin at patayin ni Private William Walter M.  Grayson ang isa sa apat na sundalong Pilipino. |
| 4. A | 4. Tama | 4. 2 | 4. Dahil bumagsak sa kamay ng Amerikano ang Malolos |
| 5. A | 5.Tama | 5. 4 | |
| 6. B | | | |
| 7. C | | | |
| 8. A | | | |
| 9. A | | | |
| 10. C | | | |

| Pagyamanin | Tayahin | Karagdagang Gawain | Isagawa |
|---|---|---|---|
| 1. MALI | 1. A | 1. 5 | 1. Naganap ang makasaysayang laban sa Look ng Maynila |
| 2. MALI | 2. C | 2. 2 | 2. Naganap ang Mock battle sa Maynila |
| 3. TAMA | 3. C | 3. 3 | 3. Paglagda sa Kasunduan sa Paris |
| 4. TAMA | 4. C | 4. 1 | 4. Itinatag ang Unang Republika sa Malolos na hindi kinilala ng mga Amerikano |
| 5. TAMA | 5. B | 5. 4 | 5. Binaril at pinatay ni Private William Walter M. Grayson ang isang sundalong Pilipino na nagpasimula sa Digmaang Pilipino-Amerikano |
| | | | 6. Bumagsak sa kamay ng Amerikano ang Malolos |

## Aralin 2

**Balikan**

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Mali
6. Tama
7. Tama
8. Tama
9. Tama
10. Tama

**Isagawa**

1. Heneral Elwell Otis
2. Heneral Elwell Otis
3. Heneral Elwell Otis
4. Heneral Lloyd Wheaton
   Lt. Col. Harry Egbert
5. Hen. Gregorio del Pilar
   Maj. Franklin Bell
   Col. John Miller Stotsenberg
6. Heneral Henry Lawton; Heneral Licerio
   Geronimo
7. Heneral Antonio Luna

**Pagyamanin**

1.6
2.1
3.3
4.7
5.2
6.4
7.10
8.9
9.5
10.8

**Tayahin**

1. C
2. D
3. E
4. I
5. F
6. G
7. A
8. B
9. H
10. J

# Aralin 3

**Balikan** 1. A 2. A 3. C 4. B 5. A

**Suriin**

1. Vicente Lucban-lider na namahala sa isla ng Samar
2. Pedro Abayan-Alkalde Mayor ng Balangiga at sumulat kay Vicente Lukban na lilinlangin nila ang mga Amerikano sa pamamamagitan ng pagtanggap sa kanila upang hindi maghinala ang mga Amerikano sa balak na pag-aalsa
3. Eugenio Daza-kapitan sa Balangiga at nagpahupa ng tensyon na namagitan sa mga rebeldeng pinadala ni Lukban at sa mga residenteng hindi gusto na masira ang mga pananim nila
4. Donato Gimbal Libut- pari sa Balangiga at kasama ni Kapitan Daza na namagitan
5. Valeriano Abanador- hepe ng pulis at nagpaplano ng pag-aals; ang unang umagaw ng riple at nag pukpok sa sundalong Amerikano at nagpaputok nito hudyat ng pagpatunog ng kampana ng simbahan

**Tayahin**

1. Pagbisita ng isang inspector heneral ng Amerika
2. 18 Setyembre 1901
3. Kapitan Thomas W. Cowell
4. pagbabaril ni Private Gamblin
5. "I want no prisoner, I wish you to kill and burn, the more you kill and burn the better it will please me… The entire of Samar will be made a howling wilderness"

**Pagyamanin**

Gawain 1

1. Hindi gusto ng mga tao sa Balangiga ang pagsakop ng mga Amerikano, kaya dala nang pag-aapi nila at pagkulong sa mga 80 residenten nagkaroon ng galit sa Amerikano ang mga taong bayan at pagplanong pag-alsa.
2. Layunin ng mga Amerikano na madakip si Lukban.
3. hudyat nang pag-alsa ng mga residente sa mga amerikano.
4. maluwalhating pagtanggap; pakikipag-inuman ng tuba; paglaro ng baseball
5. pagdating ng mga Amerikanong taga-Company G; pagsunog sa mga bahay at pagbaril sa mga kalabaw; paglilibing sa mga kasamahang Amerikano; at pagpatay sa mga kalalakihan na may edad 10 pataas.

Gawain 2

1. Tama 2. Mali (19 Abril 1901) 3. Tama 4. Tama 5. Mali (buhay)

**Isagawa**

1. masayang mukha
2. masayang mukha
3. masayang mukha
4. masayang mukha
5. masayang mukha

**Karagdagang Gawain** *(Guro ang magwawasto)*

## *Sanggunian*


Alvenia P. Palu-ay. *Makabayan Kasaysayang Pilipino 5*: Quezon City: LG & M Corporation, 2010, 129-132.

Ethel H. Estrella, Ruben M. Milanbilang, and Natividad Reynaldo. *Pilipinas Perlas ng Silanganan Bayan ng Magiting 5*: Sta. Ana: Innovative Educational Materials, Inc. 2002, 153-171.

Estrelita B. Capiña and Gloria P. Barrientos. *Pilipinas: Bansang Malaya 5 (Heograpiya, Kasaysayan at Sibika)*: Quezon City: SD Publications, Inc., 2000, 118-131.

Juan Alvin B. Tiamson. *Pilipinas Serye ng Heograpiya, Kasaysayan, at Sibika 6* : Sampaloc, St. Augustine Publications, Inc., 2009, 178-197.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph